ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# KARANIWANG KAMALIAN SA PAGSULAT NG KATHA SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO 1: BATAYAN SA PAGBUO NG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO

**Jessa R. Suello[1], Grace L. Garan[2], Bernaditha G. Santos[3], Rubira G. Baa[4]**
*[1]Southern Leyte State University-Hinunangan Campus, Hinunangan, Southern Leyte, Philippines*
*[2]Hilongos National Vocational School, Hilongos Leyte, Philippines*
*[3]Hilongos National Vocational School, Hilongos Leyte, Philippines*
*[4]Divisoria National High School Divisoria, Bontoc Southern Leyte, Philippines*

## ABSTRAK

*Layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng katha sa Filipino ng mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang Filipino 1 sa Southern Leyte State University (SLSU)–Hinunangan Campus. Ginamit sa pananaliksik ang descriptive-developmental research design upang mailarawan ang mga karaniwang kamalian sa pagsulat at makabuo ng angkop na kagamitang panturo batay sa mga natuklasan. May tatlumpu't apat (34) na mga kalahok na nakaenrol sa asignaturang Filipino 1 mula sa mga programang Bachelor of Secondary Education (BSEd) at Bachelor of Technology and Livelihood Education (BTLED). Lakbay-sanaysay, malikhaing akda, at editorial ang instrumentong ginamit. Natuklasan na ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral ay makikita sa iba't ibang aspekto ng pagsulat. Sa mekaniks, sa aspeto ng pagbabaybay, ang paggamit ng pam-/sim-/magkasim- ang nagtala ng pinakamataas na antas ng kamalian na may kabuuang deskripsyong pinakamahina. Sa pagbabantas, nakapagtala rin ng deskripsyong mahina, na nagpapakita ng kakulangan sa wastong paggamit ng mga bantas. Samantala, sa paggamit ng titik, ang paggamit ng malaking titik ang may interpretasyong pinakamahina, samantalang ang paggamit ng maliit na titik ay may interpretasyong di-gaanong mahina. Sa aspekto ng pandiwa, lumabas na ang aspektong perpektibo ang nagtala ng pinakamataas na bilang ng mga kamalian. Samantala, ang aspektong imperpektibo ay may deskripsyong mababa, habang ang aspektong kontemplatibo ang nakapagtala ng pinakamababang antas ng kamalian na may interpretasyong napakababa, na nagpapahiwatig na bihira lamang magkamali ang mga mag-aaral sa paggamit ng pandiwang nagsasaad ng kilos na hindi pa nagaganap. Sa paggamit ng mga salita, natuklasan na ang paggamit ng nang/ng, sila/sina, bitiwan/bitawan, at ito/iyan/iyon ang nagtala ng pinakamataas na mean na nagpapakita ng malaking kahinaan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga ito. Nakapagtala rin ng mataas na mean ang mga salitang kita/kata, ooperahan/ooperahin, at may/mayroon, samantalang ang din/rin, dito/rito, daw/raw, at kong/kung ay may deskripsyong mahina. Napatunayang ang mga mag-aaral sa Filipino 1 ay nakararanas pa rin ng mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng katha, partikular sa mekaniks, wastong paggamit ng pandiwa, at tamang gamit ng mga salita. Inirerekomenda na gamitin ito ng mga guro bilang karagdagang kagamitang panturo, kasama ng mga regular na gawaing pampagsasanay, upang mapabuti ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.*

**MGA SUSING SALITA***: aspekto ng pandiwa; imperpektibo; kontemplatibo; mekaniks; pagbabaybay*

## 1.0 RASYONALE

Batay sa karanasan ng mga mananaliksik bilang mga guro sa asignaturang Filipino, napansin na maraming mag-aaral sa kolehiyo ang nahihirapang gamitin nang wasto ang pagbabaybay, angkop na mga salita, at wastong anyo ng pandiwa sa pagsulat ng kanilang mga katha. Nakababahala ang obserbasyong ito sapagkat ang mga kasanayang ito ay inaasahang nalinang na sa mga naunang antas ng pag-aaral. Higit pa rito, ang mga kahinaang ito ay hindi lamang nakaaapekto sa kalinawan at organisasyon ng kanilang mga sulatin kundi maging sa kanilang kakayahang maipahayag nang mabisa, lohikal, at masining ang kanilang mga ideya.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Suastra at Menggo (2020), na nagpakitang maraming mag-aaral ang patuloy na nagkakaroon ng mga kamalian sa pagbabaybay at paggamit ng wastong anyo ng pandiwa, kabilang ang hindi angkop na paggamit ng panahunan ng pandiwa. Samantala, binigyang-diin nina Yamson at Borong (2023) na nananatiling malaking hamon sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ang mekaniks ng pagsulat at wastong paggamit ng balarila. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na kinakailangan ang higit na sistematiko at nakabatay sa ebidensiyang mga estratehiya sa pagtuturo upang mabawasan ang mga karaniwang kamalian sa pagsulat.Bagama't mayroon nang mga pag-aaral hinggil sa kasanayan sa pagsulat at pagsusuri ng mga sulatin ng mga mag-aaral, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa pangkalahatang kasanayan sa pagsulat, malikhaing pagsulat, o pagsusuri sa nilalaman ng mga akda. Nananatiling limitado ang mga pag-aaral na partikular na sumusuri sa mga karaniwang kamalian sa pagbabaybay, paggamit ng mga salita, at wastong anyo ng pandiwa sa pagsulat ng katha sa Filipino ng mga mag-aaral sa kolehiyo.

Higit pa rito, kakaunti pa rin ang mga pananaliksik na humantong sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na nakabatay mismo sa mga aktuwal na kamaliang natukoy sa mga isinulat ng mga mag-aaral. Dahil dito, nananatiling may puwang sa umiiral na literatura hinggil sa pagbuo ng kontekstuwalisado, nakabatay sa ebidensiya, at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na kagamitang pampagtuturo na maaaring magsilbing epektibong interbensiyon sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagsulat sa Filipino.

Kaugnay nito, isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng katha sa Filipino ng mga mag-aaral sa Filipino 1, partikular sa pagbabaybay, paggamit ng mga salita, at wastong anyo ng pandiwa. Batay sa mga natuklasan, bubuo ang mga mananaliksik ng isang kagamitang pampagtuturo na magsisilbing interbensiyong nakabatay sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral.

Inaasahang makapag-aambag ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat sa Filipino. Higit sa lahat, inaasahang ang mabubuong kagamitang pampagtuturo ay magsisilbing mahalagang sanggunian ng mga guro sa Filipino, lalo na sa antas tersiyarya, at maging ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), bilang isang kontekstuwalisado at nakabatay sa ebidensiyang interbensiyon upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

**Suliranin ng Pag-aaral**

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng katha sa Filipino ng mga mag-aaral sa Filipino 1 sa Southern Leyte State University (SLSU)–Hinunangan Campus.

Partikular na sasagutin ng pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng katha batay sa:
   - 1.1 mekaniks;
   - 1.2 aspekto ng pandiwa; at
   - 1.3 paggamit ng mga salita?
2. Anong kagamitang pampagtuturo ang maaaring mabuo batay sa mga natukoy na karaniwang kamalian upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng katha sa Filipino ng mga mag-aaral?

## 2.0 TEORETIKAL-KONSEPTWAL NA PAG-AARAL

Nakabatay ang pag-aaral na ito sa Error Analysis Theory ni Corder (1974). Ayon kay Corder, ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika ay hindi lamang simpleng pagkukulang, kundi mahalagang indikasyon ng kanilang kasalukuyang antas ng pagkatuto. Ang sistematikong pagsusuri sa mga kamaliang ito ay nagbibigay ng mahahalagang impormasyon sa mga guro upang matukoy ang mga tiyak na kahinaang pangwika ng mga mag-aaral at makapagdisenyo ng mga angkop at epektibong interbensiyong pampagtuturo. Sa pananaw na ito, ang mga kamalian ay hindi itinuturing na hadlang sa pagkatuto kundi nagsisilbing mahalagang batayan sa pagpaplano at pagpapabuti ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ginamit ang Error Analysis Theory bilang pangunahing batayan sa pagsusuri ng mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa Filipino 1 sa pagsulat ng katha sa Filipino. Partikular na sinuri ang mga kamalian sa pagbabaybay, wastong anyo ng pandiwa, at paggamit ng mga salita. Ang mga natukoy na kamalian ang nagsilbing batayan sa pagtukoy sa mga aspektong nangangailangan ng higit na paglinang at pagpapahusay.

Inangkla rin ang pag-aaral sa Constructivist Learning Theory ni Vygotsky (1978), na nagsasaad na higit na nalilinang ang pagkatuto sa pamamagitan ng angkop na paggabay (*scaffolding*) at mga karanasang nakabatay sa pangangailangan at kasalukuyang kakayahan ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng teoryang ito na ang mga kagamitang pampagtuturo at mga gawaing pangklase ay dapat nakaayon sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral upang unti-unti nilang malinang ang mas mataas na antas ng pag-unawa at kasanayan.

Kaugnay nito, ang kagamitang pampagtuturo na mabubuo mula sa mga natuklasan ng pag-aaral ay inaasahang magsisilbing *scaffold* o suporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakabatay ito sa kanilang aktuwal na pangangailangan at nakatuon sa paglinang ng kanilang kasanayan sa wastong pagbabaybay, paggamit ng mga salita, at wastong anyo ng pandiwa sa pagsulat ng katha sa Filipino.

Samakatuwid, pinagsasama ng pag-aaral na ito ang Error Analysis Theory ni Corder at ang Constructivist Learning Theory ni Vygotsky bilang matibay na pundasyon sa pagsusuri ng mga kamalian at sa pagbuo ng isang kontekstuwalisado at nakabatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral na kagamitang pampagtuturo. Sa pag-aaral na ito, bibigyan ng guro ang mga mag-aaral ng isang sitwasyong magsisilbing batayan sa pagsulat ng kanilang katha. Ang mga nabuong katha ay sinuri batay sa mga aspekto ng pagbabaybay, wastong anyo ng pandiwa, at paggamit ng mga salita upang matukoy ang mga karaniwang kamalian. Mula sa resulta ng pagsusuring ito, bumuo ang mga mananaliksik ng isang kagamitang pampagtuturo na magsisilbing interbensiyon upang matugunan ang mga natukoy na kahinaan at higit na mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

## 3.0 METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral na ito ang descriptive-developmental research design. Ang descriptive na disenyo ay ginamit upang mailarawan, matukoy, at masuri ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng katha sa Filipino, partikular sa mga aspekto ng pagbabaybay, wastong anyo ng pandiwa, at paggamit ng mga salita. Sa pamamagitan ng disenyong ito, nailarawan ang kasalukuyang kalagayan ng kasanayan sa pagsulat ng mga kalahok batay sa pagsusuri ng kanilang mga isinumiteng sulatin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Samantala, ginamit ang developmental na disenyo sa pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa mga natukoy na karaniwang kamalian ng mga mag-aaral. Ang kagamitang ito ay idinisenyo bilang isang interbensiyong pampagtuturo upang matugunan ang mga kahinaang lumitaw sa pagsusuri at makatulong sa higit pang pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino.

Isinagawa ang pag-aaral sa Southern Leyte State University (SLSU)–Hinunangan Campus**,** isa sa mga satellite campus ng Southern Leyte State University. Pinili ang nasabing kampus bilang lugar ng pag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng tatlumpu't apat (34) na mag-aaral na naka-enrol sa asignaturang Filipino 1 mula sa mga programang Bachelor of Secondary Education (BSEd) at Bachelor of Technology and Livelihood Education (BTLED) sa taong panuruan 2024-2025. Bilang instrumento sa pangangalap ng datos, ginamit ang mga gawaing pasulat na nakapaloob sa silabus ng asignaturang Filipino 1. Kabilang dito ang lakbay-sanaysay, malikhaing akda, at editoryal, na nagsilbing batayan sa pagsusuri ng mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral. Pinili ang mga gawaing ito sapagkat nagbibigay ang mga ito ng sapat na pagkakataon sa mga mag-aaral na maipamalas ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang anyo ng pagsulat.

Sa pagtataya ng mga isinulat ng mga kalahok, gumamit ang mga mananaliksik ng isang analitikong rubrik (analytic rubric) na nagsilbing pamantayan sa sistematikong pagsusuri ng mga sulatin. Nakatuon ang rubrik sa tatlong pangunahing aspekto ng pag-aaral pagbabaybay, wastong anyo ng pandiwa, at paggamit ng mga salita**.** Upang matiyak ang pagiging obhetibo at kredibilidad ng pagsusuri, tatlong (3) guro sa Filipino ang nagsilbing mga tagapagsuri o *raters*. Ang mga gurong ito ay may hindi bababa sa limang (5) taong karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at sa pagsusuri ng mga akademikong sulatin. Bukod dito, sila ay mga full-fledged master's degree holders sa larangan ng Filipino o kaugnay na disiplina. Ang kanilang mga pagtataya ang naging batayan sa pagtukoy sa mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral na nagsilbing pundasyon sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

Batay sa mga natukoy na resulta ng pagsusuri, bumuo ang mga mananaliksik ng isang kontekstuwalisado at nakabatay sa ebidensiyang kagamitang pampagtuturo na tumutugon sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng katha sa Filipino. Inaasahang magsisilbi itong epektibong interbensiyon upang mabawasan ang mga karaniwang kamalian sa pagsulat at higit na mapaunlad ang kanilang kasanayang pangwika.

## 4.0 PAGLALAHAD SA RESULTA NG PAG-AARAL

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga natuklasan ng pag-aaral batay sa pagsusuri ng mga nakalap na datos hinggil sa mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng katha. Ang presentasyon ng mga resulta ay nakaayos ayon sa mga tiyak na layunin ng pag-aaral upang malinaw na maipakita ang antas at uri ng mga kamaliang natukoy sa kanilang mga sulatin. Bawat talahanayan ay sinusundan ng masusing pagsusuri at interpretasyon ng mga resulta, na iniuugnay sa mga kaugnay na pag-aaral at literatura upang higit na mapagtibay ang mga natuklasan.

Partikular na tinatalakay sa kabanatang ito ang mga kamalian ng mga mag-aaral sa tatlong mahahalagang aspekto ng pagsulat: (1) mekaniks ng pagsulat, na kinabibilangan ng pagbabaybay, pagbabantas, at paggamit ng malaki at maliit na titik; (2) paggamit ng aspekto ng pandiwa; at (3) wastong gamit ng mga salita sa wikang Filipino. Ang pagsusuri sa mga aspektong ito ay mahalaga sapagkat ang mga ito ang bumubuo sa pundasyon ng malinaw, wasto, at mabisang komunikasyong pasulat.

Sa pamamagitan ng mga resultang ito, natukoy ang mga partikular na kahinaan ng mga mag-aaral na maaaring maging batayan sa pagbuo ng mga angkop na estratehiya at interbensiyong pampagtuturo. Higit pa rito, ang mga natuklasan ay inaasahang makapag-aambag sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino, lalo na sa pagpapalakas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

### *Karaniwang Kamalian ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Katha batay sa Mekaniks*

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng katha batay sa mekaniks ng pagsulat, na sumasaklaw sa pagbabaybay, pagbabantas, at paggamit ng malaki at maliit na titik. Ang pagsusuri sa mga aspektong ito ay mahalaga sapagkat ang mekaniks ng pagsulat ay nagsisilbing pundasyon ng malinaw, organisado, at epektibong pagpapahayag ng kaisipan sa anumang uri ng sulatin.

**Talahanayan 1:** Karaniwang Kamalian ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Katha batay sa Mekaniks

| Karaniwang Kamalian | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| ***Pagbabaybay*** | | |
| Pan/sin/magkasin | 8.88 | Mahina |
| Pam/sim/magkasim | 17.44 | Pinakamahina |
| Pang/sing/magkasing | 16.14 | Pinakamahina |
| ***Pagbabantas*** | | |
| Tuldok (.) | 1.99 | Di-gaanong mahina |
| Kuwit (,) | 13.00 | Mahina |
| Kudlit (‘) | 10.18 | Mahina |
| Tulduk-kuwit (;) | 9.44 | Mahina |
| Panipi (“ “) | 8.77 | Mahina |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| Panaklong ( () ) | 3.22 | Di-gaanong Mahina |
| Gitling (-) | 17.67 | Pinakamahina |
| ***Paggamit ng titik*** | | |
| Maliit na titik | 1.11 | Di-gaanong Mahina |
| Malaking titik | 17.44 | Pinakamahina |

***Note:*** *Ang interpretasyon ng weighted mean ay batay sa sumusunod na pamantayan: 0.00-4.99= Di-gaanong mahina, 5.00-14.99=Mahina, 15.00-20.00=Pinakamahina*

Ayon sa Department of Education (2022) sa Most Essential Learning Competencies (MELCs), ang wastong paggamit ng mekaniks ng pagsulat ay isa sa mga pangunahing kasanayang dapat malinang upang maging mahusay ang mga mag-aaral sa komunikasyong pasulat. Gayundin, ipinakita sa PISA 2022 na marami pa ring mag-aaral ang nahaharap sa kahinaan sa mga pundamental na kasanayan sa pagbasa at pagsulat, kabilang ang wastong paggamit ng mga kumbensiyon ng nakasulat na wika, na may implikasyon sa kalidad ng kanilang mga akademikong sulatin.

Sa aspeto ng pagbabaybay, ang paggamit ng pam-/sim-/magkasim- ang nakapagtala ng kabuuang deskripsyong pinakamahina. Ipinakikita ng resulta na nahihirapan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga panlaping nagbabago batay sa ponolohikal nakatangian ng salitang-ugat. Ang ganitong kamalian ay maaaring maiugnay sa kakulanganng kaalaman sa mga tuntunin ng morpoponemikong pagbabago at sa limitadong pagkakataong mailapat ang mga ito sa aktuwal na pagsulat. Ipinahihiwatig rin nito na kinakailangang higit pang palakasin ang pagtuturo sa mga tuntunin ng pagbabaybayupang malinang ang katumpakan sa paggamit ng mga panlapi sa iba't ibang sitwasyonng pagsulat.

Sa aspeto naman ng pagbabantas, nakakuha ito ng kabuuang deskripsyong mahina. Kapansin-pansin na ang gitling (-) ang nagtala ng pinakamataas na antas ng kamalian atmay interpretasyong pinakamahina. Sinundan ito ng kuwit (,), kudlit ('), tuldok-kuwit (;), at panipi (" "), na pawang may interpretasyong mahina. Samantala, ang tuldok(.) at panaklong() ayparehong may interpretasyong di-gaanong mahina. Ipinakikita ng mgaresultang ito na higit na nahihirapan ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga bantas na may mas tiyak at masalimuot na tuntunin, lalo na ang gitling, samantalang mas bihira ang kamalian sa paggamit ng mga pangunahing bantas tulad ng tuldok. Ang ganitongresulta ay nagpapakita ng pangangailangang magkaroon ng mas maraming gawaing pampagsasanay na nakatuon sa wastong paggamit ng iba't ibang bantas sa pagsulat.

Sa paggamit ng titik, ang malaking titik ay may interpretasyong pinakamahina, samantalang ang maliit na titik ay may interpretasyong di-gaanong mahina. Ipinahihiwatig nito na nananatiling hamon sa mga mag-aaral ang wastong paggamit ng malaking titik, lalo na sa pagsisimula ng pangungusap, sa pagsulat ng mga pangngalang pantangi, pamagat, at iba pang salitang nangangailangan nito. Ang resulta ay katulad ngmga natuklasan nina Guarino (2026), Lor (2023), at Aboyme (2023) na nagsabing marami pa ring mag-aaral ang nagkakamali sa paggamit ng malaki at maliit na titik dahilsa kakulangan ng pag-unawa sa mga tuntunin ng ortograpiyang Filipino. Bagama't hindi gaanong madalas ang maling paggamit ng maliit na titik, malinaw na nangangailangan pa rin ng mas masusing pagtuturo at patuloy na pagsasanay ang wastong paggamit ngmalaking titik.

Sa kabuuan, ipinakikita ng resulta na ang pangunahing suliranin ng mga mag-aaral ay nakatuon sa paglalapat ng mga tuntunin sa pagbabaybay, wastong paggamit ng gitling, at paggamit ng malaking titik. Ang mga ito ay mahahalagang sangkap ng mekaniks ng pagsulat na may malaking impluwensiya sa kalinawan, kawastuhan, at organisasyon ng anumang sulatin. Ipinahihiwatig ng resulta na kinakailangang higit pang paigtingin ang pagtuturo sa mga aspetong ito upang mabawasan ang mga karaniwang kamalian at mapabuti ang kalidad ng pagsulat ng mga mag-aaral.

Ang ganitong kahinaan ay may direktang epekto sa kawastuhan ng pagsulat at sa malinaw na pagpapahayag ng mga ideya. Kaugnay nito, binigyang-diin din ng Department of Education sa pagpapatupad ng Most Essential Learning Competencies (MELCs) na mahalagang malinang ang wastong paggamit ng mekaniks sa pagsulat sapagkat ito ang nagsisilbing pundasyon ng mabisa at epektibong komunikasyong pasulat.

Ipinahihiwatig din ng resulta na kinakailangang higit pang paigtingin ng mga guro ang pagtuturo sa mga tuntunin ng pagbabaybay, lalo na sa wastong paggamit ng mga panlaping pam-, pan-, pang-, sim-, sin-, at sing-, sapagkat ang mga ito ang nagtala ng pinakamataas na antas ng kamalian. Higit pa rito, mahalagang makabuo ang mga guro ng mga makabago at angkop na estratehiya sa pagtuturo, tulad ng paggamit ng editing exercises, error analysis, collaborative writing, at iba pang gawaing magpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mekaniks ng pagsulat. Bagama't itinuturing na batayang kasanayan ang mekaniks ng pagsulat, ipinakikita ng resulta na nananatili itong isang malaking hamon na dapat pagtuunan ng pansin sapagkat ito ang nagsisilbing pundasyon ng malinaw, wasto, at epektibong komunikasyong pasulat.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng pag-aaral na ang pagpapaunlad sa mekaniks ng pagsulat ay hindi lamang makatutulong sa pagbawas ng mga kamalian sa pagbabaybay, pagbabantas, at paggamit ng titik, kundi magpapahusay din sa kabuuang kalidad ngpagsulat ng katha. Higit sa lahat, mapauunlad nito ang kakayahan ng mga mag-aaral namakapagpahayag ng malinaw, wasto,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

organisado, at makabuluhang kaisipan sapamamagitan ng pagsulat, na isang mahalagang kasanayan sa kanilang akademiko atpropesyonal na pag-unlad.

***Mga Karaniwang Kamalian ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Katha batay sa Aspekto ng Pandiwa***

Matapos suriin ang mga kamalian sa mekaniks ng pagsulat, sinuri rin sa pag-aaral ang paggamit ng mga mag-aaral sa **aspekto ng pandiwa**, sapagkat ito ay isa sa mga pangunahing elementong panggramatika na nakaaapekto sa kawastuhan at kalinawan ng pagpapahayag. Ang wastong paggamit ng aspekto ng pandiwa ay nagpapakita ng kakayahan ng manunulat na maiugnay nang wasto ang kilos at panahon sa loob ng pangungusap. Dahil dito, mahalagang matukoy kung saang aspekto ng pandiwa higit na nagkakaroon ng kamalian ang mga mag-aaral upang makapagpanukala ng mga angkop na interbensiyong pampagtuturo.

**Talahanayan 2: Mga Karaniwang Kamalian ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Katha batay sa Aspekto ng Pandiwa**

| Aspekto | Mean | SD | Antas | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| Perpektibo | 13.0 | 5.02 | Mataas | Maraming kamalian |
| Imperktibo | 6.57 | 0.82 | Mababa | May ilang kamalian |
| Kontemplatibo | 3.83 | 0.75 | Nakakababa | Bihira ang kamalian |

***Note:*** *Ang interpretasyon ng weighted mean ay batay sa sumusunod na pamantayan 0.00-3.99=napakaba; 4.00-7.99=mababa; 8.00-11.99=katamtaman; 12.00 pataas*

Makikita sa Talahanayan 2 ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng katha batay sa aspekto ng pandiwa. Batay sa itinakdang pamantayan ng weighted mean, lumabas na ang aspektong perpektibo ang nagtala ng pinakamataas na bilang ng kamalian (M =13.00, SD = 5.02), na may interpretasyong mataas, na nangangahulugang maraming kamalian ang naitala sa paggamit ng aspektong ito. Ipinakikita ng resulta na higit na nahihirapan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng pandiwang nagsasaad ng kilos na ganap nang natapos. Higit pa rito, ang mataas na standard deviation ay nagpapahiwatig na may malaking pagkakaiba-iba sa dami ng kamaliang nagawa ng mga kalahok sa aspektong ito. Ang natuklasang ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina Alodos at Tomas (2024) at Tica-A (2024), na kapwa nag-ulat na nananatiling hamon sa mga mag-aaral ang wastong paggamit ng mga tuntuning panggramatika sa pagsulat, lalo na sa pagpili ng angkop na anyo ng salita at estrukturang pangwika sa loob ng pangungusap.

Ang ganitong kamalian ay makikita sa pahayag ng isa sa mga kalahok sa kanyang lakbay-sanaysay *"Natatawa kami kahapon…"* Sa pangungusap na ito, hindi angkop ang paggamit ng pandiwang *natatawa* sapagkat ang panandang *kahapon* ay malinaw na tumutukoy sa isang kilos na naganap na. Ang wastong anyo ay *"Natawa kami kahapon."* Ipinakikita ng halimbawang ito na nahihirapan ang ilang mag-aaral sa wastong pagtutugma ng pananda ng panahon at ng aspekto ng pandiwa, na nagreresulta sa kamalian sa kanilang pagsulat. Pinagtitibay ito nina Alodos at Tomas (2024), na nagsabing ang kakulangan sa kaalaman sa gramatika ay isa sa mga pangunahing sanhi ng mga kamalian sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

Samantala, ang aspektong imperpektibo ay nakapagtala ng mean na 6.57 (SD = 0.82), na may interpretasyong *mababa*, na nangangahulugang may ilang kamalian lamang sa paggamit ng pandiwang nagsasaad ng kilos na kasalukuyang nagaganap o palagiang isinasagawa. Ang mababang standard deviation ay nagpapahiwatig na higit na magkakatulad ang pagganap ng mga mag-aaral sa aspektong ito. Bagama't may mga naitalang pagkakamali, hindi ito kasindalas ng mga kamaliang natukoy sa aspektong perpektibo. Ipinahihiwatig nito na higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang wastong paggamit ng aspektong imperpektibo, na maaaring maiugnay sa mas madalas nitong paggamit sa pang-araw-araw na komunikasyon at pagsulat (Tica-A, 2024).

Sa kabilang banda, ang **a**spektong kontemplatibo ang nakapagtala ng pinakamababang antas ng kamalian (M = 3.83, SD = 0.75), na may interpretasyong napakababa, na nangangahulugang bihira lamang ang mga kamaliang nagagawa ng mga mag-aaral sa paggamit ng pandiwang nagsasaad ng kilos na hindi pa nagaganap. Ipinakikita ng resulta na higit na nagagamit ng mga mag-aaral ang wastong anyo ng pandiwa kapag inilalarawan ang mga kilos na magaganap pa lamang. Dagdag pa rito, ang mababang standard deviation ay nagpapakita ng halos magkakatulad na antas ng pagganap ng mga kalahok sa aspektong ito. Ang ganitong resulta ay nagpapahiwatig na mas nagiging madali para sa mga mag-aaral ang paggamit ng aspektong kontemplatibo kumpara sa aspektong perpektibo.

Gayunpaman, bagama't pinakamababa ang naitalang kamalian sa aspektong kontemplatibo, may ilang pagkakataon pa ring napagpapalit ng mga mag-aaral ang aspektong perpektibo at kontemplatibo, lalo na sa mga pangungusap na may malinaw na panandang pangnakaraan. Ipinakikita nito na nananatiling hamon sa ilang mag-aaral ang wastong pagtutugma ng aspekto ng pandiwa at ng konteksto ng panahon. Ang ganitong resulta ay nagpapahiwatig na kinakailangan pa rin ang mas sistematikong pagtuturo at tuloy-tuloy na pagsasanay sa paggamit ng mga aspekto ng pandiwa upang higit na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Ayon kina Alodos at Tomas (2024), ang mga paulit-ulit na kamaliang panggramatika ay nagpapakita ng pangangailangan sa mga interbensiyong pampagtuturo na nakatuon sa mga tiyak na kahinaang pangwika ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na ang aspektong perpektibo ang may pinakamataas na antas ng kamalian sa pagsulat ng katha, samantalang ang imperpektibo at

kontemplatibo ay nagtala ng mas mababang antas ng kamalian. Ipinahihiwatig nito na bagama't may batayang kaalaman ang mga mag-aaral sa paggamit ng iba't ibang aspekto ng pandiwa, kinakailangan pang palakasin ang kanilang pag-unawa sa wastong pagtutugma ng aspekto ng pandiwa at ng pananda ng panahon, lalo na sa paggamit ng aspektong perpektibo. Ang mga natuklasang ito ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng mga estratehiya at interbensiyong pampagtuturo na nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

mag-aaral sa wastong paggamit ng aspekto ng pandiwa sa pagsulat. Higit pa rito, binibigyang-diin ng resulta ang kahalagahan ng mas sistematikong pagtuturo ng gramatika sa konteksto ng aktuwal na pagsulat upang mabawasan ang mga kamaliang pangwika at mapataas ang kalidad ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral.

***Mga Karaniwang Kamalian ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Katha Batay sa Paggamit ng mga Salita***

Bukod sa mekaniks ng pagsulat at paggamit ng aspekto ng pandiwa, sinuri rin ng pag-aaral ang wastong gamit ng mga salita, sapagkat ito ay may mahalagang papel sa pagtiyak ng kawastuhan, kalinawan, at pagiging angkop ng mensaheng nais ipabatid ng manunulat. Ang maling paggamit ng mga salitang may magkahawig na anyo o tunog ngunit magkaiba ang kahulugan at tungkuling panggramatika ay maaaring magdulot ng kalituhan sa mambabasa at makabawas sa kalidad ng sulatin. Dahil dito, mahalagang matukoy ang mga salitang kadalasang nagiging sanhi ng kamalian upang makapagbigay ng mas tiyak na rekomendasyon para sa pagtuturo ng gramatikang Filipino.

**Talahanayan 3: Mga Kahinaan ng mga Mag-aaral Ayon sa Wastong Gamit**

| Wastong Gamit | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Din/Rin /Dito/Rito/Daw/Raw | 7.88 | Mahina |
| Bitiwan/Bitawan | 10.28 | Lubhang mahina |
| May/Mayroon | 9.11 | Lubhang mahina |
| Nang/Ng | 10.77 | Lubhang mahina |
| Kong/Kung | 7.44 | Mahina |
| Kita/Kata | 9.69 | Lubhang mahina |
| Ooperahan/Ooperahin | 9.22 | Lubhang mahina |
| Sila/Sina | 10.37 | Lubhang mahina |
| Ito/Iyan/Iyon | 10.14 | Lubhang mahina |

*Mean Range: 0.00-2.20=walang kahinaan, 2.21-4.20= hindi mahina, 4.41-6.60=Di-gaanong mahina, 6.61-8.80=mahina, 8.81-11.00 lubhang mahina*

Ipinakikita sa Talahanayan 3 ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga piling salita sa Filipino habang isinasagawa ang kanilang gawaing pasulat. Batay sa itinakdang mean range, makikitang ang karamihan sa mga kategorya ay nasa antas na *lubhang mahina*, na nagpapahiwatig na nananatiling malaking hamon sa mga mag-aaral ang wastong paggamit ng mga salitang may magkahawig na anyo ngunit magkaiba ang kahulugan at gamit sa pangungusap. Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Alodos at Tomas (2024), na nagsabing ang mga kamaliang panggramatika ay nananatiling isa sa mga pangunahing suliranin sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sapagkat nagdudulot ito ng kalabuan sa pagpapahayag ng ideya.

Gayundin, binigyang-diin ni Tica-A (2024) na ang kakulangan sa kasanayang panggramatika ay patuloy na nakaaapekto sa kalidad ng pagsulat ng mga mag-aaral sa antas tersyarya. Pinakamataas ang naitalang mean sa Nang/Ng (M = 10.77), na may deskripsyong *lubhang mahina*. Ipinakikita nito na ang wastong paggamit ng *nang* at *ng* ang may pinakamalaking suliranin sa mga kalahok. Maaaring maiugnay ito sa pagkakahawig ng tunog ng dalawang salita ngunit magkaiba ang kanilang tungkuling panggramatika. Habang ang *ng* ay ginagamit bilang pananda ng layon o pagmamay-ari, ang *nang* naman ay may iba't ibang gamit, gaya ng pananda sa pang-abay, pang-ugnay, at pananda sa paraan o oras. Dahil dito, nagkakaroon ng kalituhan ang mga mag-aaral sa pagpili ng wastong anyo sa pagsulat. Katulad ito ng natuklasan nina Garcia at Amado (2024) na ang mga salitang may magkahawig na anyo ngunit magkaibang tungkuling panggramatika ang kabilang sa mga pinakakaraniwang pinagmumulan ng kamalian sa akademikong pagsulat.

Sumunod dito ang Sila/Sina (M=10.37), Bitiwan/Bitawan (M=10.28), at Ito/Iyan/Iyon (M =10.14), na pawang may interpretasyong *lubhang mahina*. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng panghalip, pantukoy, at mga salitang nagkakaiba ng kahulugan batay sa kanilang estruktura. Ayon kina Alodos at Tomas (2024), ang mga ganitong kamalian ay karaniwang bunga ng hindi sapat na pag-unawa sa mga tuntunin ng balarila at sa aktuwal na gamit ng mga salita sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon.

Sa isinagawang panayam, isa sa mga kapansin-pansing natuklasan ay ang maling konsepto ng maraming kalahok hinggil sa paggamit ng sila at sina. Karamihan sa kanila ay nagpahayag na ginagamit ang *sila* kapag marami ang pangalang binabanggit, samantalang *sina* naman kapag dalawa lamang ang tinutukoy. Ipinakikita ng tugong ito ang isang maling pagkaunawa sa tungkulin ng dalawang salita. Sa katunayan, ang *sila* ay isang panghalip panao na pumapalit sa pangngalan ng dalawa o higit pang tao na nabanggit na o nauunawaan na sa konteksto. Samantala, ang *sina* ay isang pantukoy na ginagamit bago ang pangalan ng dalawa o higit pang tao. Samakatuwid, hindi ang dami ng pangalang binabanggit ang batayan ng paggamit ng *sila* at *sina*, kundi ang kanilang tungkuling panggramatika sa loob ng pangungusap. Ang maling konseptong ito ay nagpapakita na bagama't pamilyar ang mga mag-aaral sa mga salitang ito, hindi pa nila lubos na nauunawaan ang kanilang wastong gamit.

Nakapagtala rin ng mataas na mean ang Kita/Kata (M=9.69), Ooperahan/Ooperahin (M= 9.22), at May/Mayroon (M = 9.11), na pawang nasa antas na *lubhang mahina*. Ipinakikita nito na may malaking kakulangan pa rin ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa kahulugan at estrukturang panggramatika ng mga salitang ito. Ayon kay Barredo (2020), ang mga kamaliang panggramatika ay

kadalasang nagmumula sa hindi sapat na pag-unawa sa mga tuntunin ng paggamit ng salita at sa kakulangan ng pagkakataong maisagawa ang mga ito sa makabuluhang gawaing pasulat.

Samantala, ang Din/Rin, Dito/Rito, at Daw/Raw ay nakapagtala ng mean na 7.88, samantalang ang Kong/Kung ay may mean na 7.44. Kapwa sila may interpretasyong *mahina*, na nagpapahiwatig na bagama't hindi kasingtindi ng ibang kategorya ang mga kamalian, nananatili pa ring may kakulangan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salitang ito. Ang ganitong uri ng kamalian ay maaaring maiugnay sa hindi sapat na pag-unawa sa mga tuntuning ponolohikal at morpoponemiko ng wikang Filipino, partikular sa pagpapalitan ng mga ponema batay sa tunog ng salitang sinusundan.

Kapansin-pansin din ang mga kamalian sa paggamit ng bitiwan at bitawan. Marami sa mga kalahok ang gumamit ng mga pangungusap tulad ng *"Bakit mo binitawan ang bata?"*, *"Huwag mong bitawan ang baso,"* at *"Hindi mo dapat bitawan ang mga pahayag na iyan."* Ipinakikita nito na ipinapalagay ng mga mag-aaral na maaaring malayang magpalitan ang ponemang /i/ at /a/ sa dalawang salita. Gayunman, ayon kina Borlongan et al. (2023), magkaiba ang kahulugan at tungkuling panggramatika ng dalawang salita.

Ang bitawan ay tumutukoy sa lugar na pinagdarausan ng sabong at ginagamit bilang pangngalan, samantalang ang bitiwan ay nangangahulugang *kalasan* o *pakawalan* at ginagamit bilang pandiwa. Ipinakikita ng natuklasang ito na ang mga kamalian ay hindi lamang bunga ng maling baybay kundi pati ng kakulangan sa pag-unawa sa semantiko at gramatikal na katangian ng mga salita.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na higit na nangingibabaw ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng wastong gamit ng salita, sapagkat pito sa siyam na kategorya ang nasa antas na *lubhang mahina*, samantalang dalawa lamang ang nasa antas na *mahina*. Ipinahihiwatig nito na kinakailangan ang mas sistematikong pagtuturo ng gramatikang Filipino, kasama ang mas maraming gawaing nakatuon sa aplikasyon ng mga tuntuning pangwika sa aktuwal na pagsulat. Ang mga natuklasan ay sumusuporta sa mungkahi nina Alodos at Tomas (2024) at Regaton, Borong at Francisco (2025), na ang mga interbensiyong pampagtuturo ay dapat nakabatay sa aktuwal na kamaliang nagagawa ng mga mag-aaral upang higit na mapalakas ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat at wastong paggamit ng wikang Filipino.

**Awtput ng Pag-aaral**

Batay sa mga natukoy na karaniwang kamalian sa estruktura ng wika sa pagsulat ng katha, nakabuo ang mananaliksik ng isang polyeto na pinamagatang **"Gabay sa Wastong Estruktura ng Wika sa Pagsulat ng Katha"** bilang isang supplementary learning material. Ang materyal na ito ay idinisenyo upang magsilbing praktikal na gabay sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at bilang karagdagang kagamitang panturo ng mga guro sa asignaturang Filipino.

Ang nilalaman ng pamphlet ay nahahati sa tatlong pangunahing bahagi. Una, ang Wastong Pagbuo ng Pangungusap, na nagbibigay-diin sa mga uri ng pangungusap tulad ng payak, tambalan, hugnayan, at langkapan. Ipinaliliwanag sa bahaging ito ang wastong estruktura, katangian, at paggamit ng bawat uri ng pangungusap, kalakip ang mga halimbawa at pagsasanay upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng malinaw, lohikal, at mabisang mga pahayag.

Ikalawa, ang Karaniwang Kamalian sa Gramatika, na nakatuon sa mga madalas na pagkakamali ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Saklaw nito ang maling gamit ng pandiwa, maling gamit ng panghalip, maling paglalapi, at maling pagkakasunod-sunod ng mga salita sa pangungusap. Ang bawat paksa ay naglalaman ng paliwanag, paghahambing ng mali at wastong gamit, at mga halimbawa upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang tamang aplikasyon ng mga tuntuning panggramatika sa pagsulat.

Ikatlo, ang Mekaniks sa Pagsulat, na tumatalakay sa wastong paggamit ng mga bantas gaya ng kuwit, tuldok, pananong, padamdam, panipi, gitling, tutuldok, at iba pang mahahalagang elemento ng pagsulat. Nilalayon ng bahaging ito na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong mekaniks upang maging mas malinaw, organisado, at epektibo ang kanilang mga sulatin.

Bukod sa mga paliwanag at halimbawa, naglalaman din ang pamphlet ng mga gawaing pampagsanay at mga maikling pagsasanay na maaaring gamitin ng mga guro bilang reinforcement activities o formative assessment sa loob ng klase. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, magkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maisagawa at mailapat ang kanilang natutuhan sa wastong estruktura ng wika sa pagsulat ng katha.

Sa kabuuan, nilalayon ng pamphlet na magsilbing isang kapaki-pakinabang na karagdagang sanggunian ng mga guro at mag-aaral sa mga paaralan ng DepEd. Inaasahang makatutulong ito sa pagwawasto ng mga karaniwang kamalian sa gramatika, pagbuo ng pangungusap, paggamit ng mga bantas, at lohikal na pag-uugnay ng mga kaisipan. Higit sa lahat, ang nilalaman ng materyal ay nakabatay sa mga natuklasan ng isinagawang pag-aaral, kaya't ito ay angkop, kontekstuwalisado, at tumutugon sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

## 5.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napatunayang ang mga mag-aaral sa Filipino 1 ay nakararanas pa rin ng mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng katha, partikular sa mekaniks, wastong paggamit ng pandiwa, at tamang gamit ng mga salita. Ipinakikita ng mga resulta na ang mga kahinaang ito ay may malaking epekto sa kalinawan, kawastuhan, at kabuuang kalidad ng kanilang mga sulatin sa Filipino. Kaugnay nito, inirerekomenda na gamitin ng mga guro sa Filipino ang nabuong *Gabay sa Wastong Estruktura ng Wika sa Pagsulat ng Katha* bilang karagdagang kagamitang panturo. Inirerekomenda rin ang pagsasagawa ng mga regular na gawaing

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

pampagsasanay na nakatuon sa mekaniks, wastong paggamit ng pandiwa, at tamang gamit ng mga salita upang mabawasan ang mga karaniwang kamalian sa pagsulat at higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng katha.

## 6.0 REFERENCES

1. *Aboyme, J. (2023). Paggalugad ng mga kasanayan sa 21st century gamit ang problem-based learning approach. Di-nailathalang tesis. Southern Leyte State University- Tomas Oppus Campus, Tomas Oppus, Southern Leyte.*
2. *Alodos, L. at Tomas, D. (2024). Mga kamalian sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ng batsilyer ng sining sa Filipino. E-DAWA: An International Multidisciplinary Research Journal, 4(2), 227–247.*
3. *Borong, N. at Yamson, S. (2023). Digital storytelling as a method for teaching writing skills. Multidisciplinary Science Journal, 5, 2023063. https://doi.org/10.31893/multiscience.2023063*
4. *Guarino, B. (2026). Pagsipat sa kasanayang produktibo ng mga key stage 2 learners sa Malinao Multigrade elementary school. Di-nailathalang tesis. Southern Leyte State University- Tomas Oppus Campus, Tomas Oppus, Southern Leyte.*
5. *Lor, S. (2023). Roulette-tok bilang tool sa pagpapaunlad ng interest, atensiyon at partisipasyon ng mga mag-aaral. Di-nailathalang tesis. Southern Leyte State University- Tomas Oppus Campus, Tomas Oppus, Southern Leyte.*
6. *Regaton, K., Borong, N. at Francisco, N. (2025). Assessment of speaking skills: developing an innovative strategy. International Journal of Environmental Sciences, 3745-3753. https://doi.org/10.64252/c58me487*
7. *Social Constructivism: Vygotsky's Theory (1978). https://edpsych.pressbooks.sunycreate.cloud/chapter/social-constructivism-vygotskys-theory/*
8. *Suastra, M. at Menggo, S. (2020). Empowering students' writing skill through performance assessment. International Journal of Language Education, 4 (3), pp. 432-441.*
   *Doi: https://doi.org/10.26858/ijole.v4i3.15060*
9. *Suastra, M. at Menggo, S. (2020). Empowering students' writing skill through performance assessment. International Journal of Language Education, 4 (3), pp. 432-441.*
   *Doi: https://doi.org/10.26858/ijole.v4i3.15060*